

**Students' weaknesses in writing composition:
Basis for the development of a worktext**

Marites N. Balmaceda

Benguet State University

La Trinidad, Benguet, Philippines

Email: jbalmedamaritesnatividad@gmail.com

ABSTRACT

The identification of students' weaknesses in writing composition that still need to be developed, as well as the determination of the factors that affect their writing skills, were the primary objectives of this study. It also aimed to develop a worktext in composition writing that would help improve their skills. The study utilized a descriptive qualitative research design. The participants of the study were Grade 11 students from the HUMSS strand. Based on the analyses conducted, the content analysis of the students' compositions revealed that they had weaknesses in organization, punctuation, and writing mechanics. These skills still need further development among the students. From their statements, it was also found that the factors that commonly affect their writing are environment, knowledge of the Filipino language, and time. Based on the results of the study, the following conclusions were drawn: students have weaknesses in organizing ideas, punctuation, and writing conventions. Students' writing is influenced by their environment, their knowledge of the Filipino language, and time. Based on the findings and conclusions, the following recommendations are proposed: the development of composition writing skills should be continuously strengthened. Teachers are encouraged to provide more activities that will further enhance students' skills in organizing ideas, using punctuation, and following writing mechanics. The developed worktext in composition writing may also be used to help improve students' writing skills in composing such texts.

Keywords: Writing, composition, worktext

Date Submitted: January 13, 2026

Date Accepted: January 26, 2026

Date Published: February 11, 2026

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501798>

Recommended citation:

Balmaceda, M. N. (2026). Students' weaknesses in writing composition: Basis for the development of a worktext. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (1), 8900-8909.
<http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501798>

Kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon tungo sa pagbuo ng worktext

Marites N. Balmaceda

Benguet State University

La Trinidad, Benguet, Philippines

Email: jrbalmacedamaritesnatividad@gmail.com

ABSTRAK

Ang pagtukoy sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon na kailangan pang linangin at ang pagtukoy sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat ang pinakalayunin ng pag-aaral. Layunin din nitong makabuo ng worktext sa pagsulat ng komposisyon na magpapaunlad sa kanilang kasanayan. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptib-kuwalitatib na disenyo ng pananaliksik. Ang mga mag-aaral mula sa ika-11 baitang, HUMSS strand ang naging kalahok sa pag-aaral. Mula sa mga isinagawang pagsusuri, lumabas sa isinagawang content analysis sa mga komposisyon ng mga mag-aaral na may kahinaan sila sa organisasyon, paggamit ng bantas, at mekaniks sa pagsulat. Ang mga kasanayang ito ay kailangan pang paunlarin sa mga mag-aaral. Mula rin sa kanilang pahayag, natuklasang ang mga salik na kadalasang nakaaapekto sa kanilang pagsulat ay ang kapaligiran, kaalaman sa wikang Filipino at oras. Batay sa lumabas na resulta ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: may kahinaan ang mga mag-aaral sa pag-organisa ng mga ideya, pagbabantas at mga tuntunin sa pagsulat. Nakaaapekto sa pagsulat ng mga mag-aaral ang lugar, ang kanilang kaalaman sa wikang Filipino at oras. Batay sa kinalabasan at nabuong kongklusyon, iminumungkahi ang sumusunod: ipagpatuloy ang paglinang sa pagsulat ng sulating komposisyon. Para sa mga kapwa guro, magbigay pa ng mga gawaing lalong lilinang sa kasayanan ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa ng ideya, paggamit ng bantas at pagsunod sa mekaniks ng pagsulat. Maaaring gamitin ang binuong worktext sa pagsulat ng sulating komposisyon upang mahubog ang kasayanan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng nasabing sulatin.

Mga susing salita: Pagsulat, komposisyon, worktext

PANIMULA

Sinasabing ang pagsulat ang isa sa pinakamahirap na kasanayang inaasahang maunawaang lubos at maisagawa sa paaralan (Dela Paz at Graham, 2002). Kaya naman naging hamon sa mga guro at mag-aaral upang mapabuti ang pagtuturo at pagkatuto ng kasanayang ito. Sa apat na pangunahing kasanayang makro sa komunikasyon, pinakamahirap at pinakahuling natututuhan ng tao ang pagsusulat sapagkat ito ang pinakamasalimuot sa lahat (Belvez et al., 2002). Kailangan munang matutunan ng isang mag-aaral na makinig, magsalita, at magbasa bago siya matutong magsulat.

Ang kasanayan sa pagsulat ay isang tiyak na kakayahan upang matulungan ang mga manunulat na isatitik ang kanilang mga ideya. Ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mahubog ang kanilang kalayaan, pag-unawa katatasan at pagkamalikhain (Utami et al., 2012). Bilang guro, ang paggabay sa wastong pagsulat ng mga mag-aaral ang tanging kontribusyon sa proseso ng malikhaing pagsulat. Bukod sa pagiging guro ay manunulat din siya, kaya malaki ang paniniwalang makapagbibigay ang guro ng higit na malalim na pagpapakahulugan sa komposisyong ipinasusulat sa mga mag-aaral (Villafuerte, 2002). Ito rin ay isang pambihirang gawaing pisikal at mental dahil sa pamamagitan nito ay naipahahayag ng tao ang kanyang nais

sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa papel o anumang kagamitang maaaring pagsulatan (Mabilin at Royo, 2012).

Ang gawaing pagsulat ay isa sa mga dapat pagtuunan ng pansin na malinang at mahubog sa mga mag-aaral sapagkat dito masusukat ang kanilang kahandaan at kagalingan sa iba't ibang disiplina. Nangangahulugan ito na ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa iba't ibang gawaing pasulat ay nakatutulong nang malaki sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagsulat at sa iba pang larang (Julian at Lontoc 2016).

Marami ring bilang ng mga mag-aaral ang nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng motibasyon sa pagsulat at kung minsan ay hirap na hirap pa sa pagbuo ng ideya. Ito ay bunga ng maling konsepto at mahinang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Kadalasan, naapektuhan ng mga kahinaang ito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat (Badayos, 1999).

Ang mga mag-aaral ay inaasahang may kakayahan na sa pagsulat simula sa elementarya at nahahasa ang kakayahang ito sa sekondarya at mas napabubuti pa sa pagtuntong ng Senior High School. Hindi kailangang maging propesyonal na manunulat. Sapat nang marunong sumunod sa mga patnubay sa pagsulat upang makasulat ng isang komposisyon. Ang iba't ibang gawaing pasulat ay nakatutulong upang magkaroon ng kasanayan ang mga mag-aaral upang makasulat ng isang makabuluhang komposisyon. Maaari itong katagumpayan ng isang mag-aaral sapagkat naisasakatuparan niya ang layuning makasulat.

Matagal nang itinuturo ang pagsulat sa mga paaralan ngunit wala pang tiyak na pormulang maibibigay sa pagtuturo ng paglinang ng kasanayan sa pagsulat (Austero, 2014). Sa limang makrong kasanayang pangwika, ang pagsulat ang siyang itinuturing na may pinakamababang porsyento na kadalasang isinasagawa ng tao sapagkat umaabot lamang ito ng 9% kung ihahambing sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at panonood (Francisco, 2007).

Ayon kay Mariano (2018) nakaaangat ang mga indibidwal na may kakayahan sa akademikong pagsulat o intelektuwal na pagsulat. Bawat isa ay mahalagang matutunan ang pagsulat sapagkat kung marunong sumulat na may kabuluhan at maayos ang isang tao. Malaki ang naitutulong nito sa panahon ngayon dala ng mahigpit na kompetisyon sa larangan ng trabaho at edukasyon. Sa usaping pagsulat, marami na ang suliraning kinakaharap ng mga guro tulad ng mga kamalian sa salitang gagamitin, pagkakabuo ng mga salita, organisasyon at pagbuo ng pangungusap, talata, pagsunod sa tuntunin ng pagsulat, at marami pang iba.

Ayon din sa pag-aaral ni Cer (2019), kinakailangan ng mga mag-aaral na mapalawak o mapalaki ang kasanayan nila sa pagsulat sa simula pa lamang ng kanilang pagkatuto upang masigurado ang katagumpayan ng kanilang kinabukasan. Nangangahulugan lamang na malaki ang epektong dulot ng kasanayang ito sa buhay ng isang mag-aaral. Ayon naman sa pag-aaral ni Piswec (2022), kailangan ng mga mag-aaral ang kasanayan sa pagsulat upang matugunan ang kanilang mga pangangailangang pang-akademiko at mga pangangailangan sa trabaho.

Ayon sa mga naunang pag-aaral napatunayan na ang mga mag-aaral ay may kahirapang kinahaharap sa pagsulat ng komposisyon. Ang mga naunang pag-aaral na ito ang nagtulak sa mananaliksik na suriin ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Naniniwala rin ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay mahalaga para sa guro at mga mag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat. Layunin ng pananaliksik na ito na matukoy ang mga kahinaan sa pagsulat ng komposisyon na kailangan pang paunlarin sa mga mag-aaral. Sinikap ding tuklasin ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ang mga datos na nakalap sa isinagawang pananaliksik ay naging batayan sa pagbuo ng worktext sa pagsulat ng komposisyon para sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay mahalaga at may malaking maiaambag para sa guro at mga mag-aaral sa pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat.

Paglalahad ng suliranin

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy at malaman ang kadalasang kahinaan at iba pang salik na nakaaapekto sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral. Nilalayon nitong masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang mga kahinaan sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral?
2. Ano ang mga salik na nakaaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon?

METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral ang pamaraang kuwalitatibo. Pagsusuring nilalaman at palarawan ang ginamit na disenyo. Ginamit ang pagsusuring pangnilalaman upang matukoy ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ginamit ng mananaliksik ang random sampling sa pagpili ng mga kalahok. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagsusuring pangnilalaman sa mga sulatin na ipinasulat ng guro at gumamit ng pag-interpretat sa nilalaman ng text data sa pamamagitan ng sistematikong pagklasipika sa prosesong coding at pagkilala ng tema o disenyo.

Siyamnapu't walo na respondente ang kasangkot sa pag-aaral na nasa ika-11 ng Humanities and Social Sciences sa Senior High School Department ng Easter College.

Ginamit ng mananaliksik ang mga komposisyon ng mga mag-aaral upang matukoy ang kanilang kahinaan sa pagsulat. Ang unang komposisyon na sinulat ay ayon sa kanilang sariling interes, sumunod ang paksa sa kanilang pamilya at ang huling sulatin ay may malayang paksa. Ginamit din ng mananaliksik ang gabay sa pakikipanayam upang makapanayam ang mga kalahok at matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat. Para naman sa dokumentasyon, ginamit ng mananaliksik ang laptop at fieldnotes nang may pahintulot mula sa kalahok.

Para matukoy ang mga kahinaan sa pagsulat ng mga mag-aaral, sinuri ang kanilang mga komposisyon. Tinukoy ang kanilang mga kamalian dito bago nakategorya gamit ang tematesasyon. Ito ang naging batayan sa pagtalakay. Sa pagtukoy naman sa mga salik na nakaaapekto sa pagsulat ng mga mag-aaral, ang mga datos na nakarekord ay idinaan sa transkripsiyon. Isinagawa ang masusing pagsusuri sa nakatranskrayb na mga pahayag at isinagawa ang cool and warm analysis kung saan sinuri ang mahahalagang pahayag ng mga kalahok. Pagkatapos isinagawa ang cool at warm analysis o pagkakategorya sa mga mahahalagang pahayag nabuo ang mga tema na naging batayan sa pagtalakay sa ikalawang suliranin.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Ang bahaging ito ay naglalahad at nagsusuri ng mga natuklasan mula sa pag-aaral na isinagawa sa mga mag-aaral na nagsulat ng komposisyon bilang pangunahing datos ng pananaliksik. Ang pagsusuri ay nakabatay sa nilalaman ng kanilang mga komposisyon at sa mga impormasyong nakalap mula sa pakikipanayam sa mga kalahok. Ginamit sa pag-aaral ang pagsusuring pangnilalaman upang matukoy ang mga suliraning pangwika at pangkomposisyon sa kanilang mga sulatin, samantalang ang pakikipanayam ay nagsilbing karagdagang pamamaraan upang maunawaan ang mga salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Ang interpretasyon ng mga resulta ay direktang iniugnay sa mga layunin ng pag-aaral upang maipakita kung paano nailalarawan ng mga datos ang kalagayan ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon at ang mga salik na may impluwensiya sa prosesong ito.

Lumabas sa pagsusuri ng mga komposisyon ng mga mag-aaral na ang isa sa mga pangunahing suliraning pangwika ay may kaugnayan sa pagbabantas. Ang bantas ay tumutukoy sa iba't ibang simbolo na ginagamit sa pangungusap upang maipahayag nang wasto ang ideya na nais ipabatid ng manunulat. Sa pagsulat ng komposisyon, mahalaga ang wastong paggamit ng mga bantas tulad ng tuldok, kuwit, tandang pananong, tandang padamdang, gitling, tuldok-kuwit, at tutuldok. Gayunman, sa kasalukuyang pag-aaral ay natuklasang may kahinaan ang mga mag-aaral sa paggamit ng gitling at sa paggamit ng kuwit. Ang mga kamaliang ito ay nagpapahiwatig na hindi pa ganap na nauunawaan ng mga mag-aaral ang tungkulin ng mga bantas sa pagbibigay linaw sa ideya ng pangungusap. Ayon kay Almario (2014), mahalagang isaalang-alang sa masinop na pagsulat ang wastong gamit ng bantas dahil ito ang nagsisilbing gabay upang maging malinaw at maayos ang pagpapahayag. Ang paggamit ng gitling ay isa sa mga bantas na kadalasang nagiging suliranin sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang ganitong kahinaan ay may implikasyon sa kabuuang kalidad ng kanilang sulatin dahil ang maling pagbabantas ay maaaring magbago sa kahulugan ng pangungusap at magdulot ng kalituhan sa mambabasa. Binibigyang diin din nina Bernales et al. (2013) na mahalaga ang bantas sapagkat ito ang sandigan ng wastong pagsulat. Sa pamamagitan ng wastong paggamit ng mga bantas ay naipapahayag nang malinaw ang diwa ng pangungusap at napapanatili ang kaugnayan at kaisahan ng mga ideya sa isang teksto. Dahil dito, makikitang ang kahinaan sa paggamit ng gitling at kuwit ay hindi lamang simpleng kamalian sa mekanikal na aspekto ng pagsulat kundi isa ring indikasyon ng kakulangan sa kasanayang pangwika na kinakailangan sa pagbuo ng malinaw na komposisyon.

Kaugnay nito, ang organisasyon ng ideya sa loob ng komposisyon ay isa ring mahalagang aspekto na lumitaw sa pagsusuri. Ang organisasyon ay tumutukoy sa wastong pagkakasunod-sunod at pagkakaugnay ng mga ideya upang makabuo ng malinaw at lohikal na daloy ng kaisipan sa isang sulatin. Ang mahusay na komposisyon ay nagsisimula sa maayos na pagkakahanay ng mga ideya na may malinaw na pokus at direksiyon. Gayunpaman, natuklasan sa pag-aaral na isa sa mga kasanayang kailangang malinaw ng mga mag-aaral ay ang maayos na pagkakasunod-sunod ng kanilang mga kaisipan. Ang kahinaang ito ay makikita sa paraan ng kanilang pagbuo ng pangungusap at sa kabuuang estruktura ng kanilang mga talata. Ang pagbuo ng pangungusap ay nangangailangan ng kaisahan ng ideya upang maipahayag nang malinaw ang pangunahing diwa ng pahayag. Batay sa isinagawang pagsusuring pangnilalaman sa mga komposisyon, napansin na hindi pa ganap ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap. Sa halip na makatulong sa paglilinaw ng ideya, nagiging sanhi pa ito ng kalituhan at maling interpretasyon dahil hindi maayos ang paglalahad ng kanilang mga kaisipan. Ang ganitong suliranin ay sinusupportahan ng pahayag ni Felipe (2022) na isa sa mga pangunahing balakid ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ang pagsasaayos ng mga nakalap na ideya sa loob ng isang pangungusap at ang pagbuo ng maayos na daloy ng kaisipan upang masimulan ang sulatin. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Santos (2010) na ang kaayusan ng pangungusap ay nangangailangan ng maingat na pagsasama-sama ng mga salitang magkakaugnay upang maiwasan ang walang direksiyong pagkakasunod-sunod ng mga salita, pag-uulit ng mga salita, at paglabo ng nais ipahayag. Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na ang organisasyon ng ideya ay isang mahalagang kasanayan na kailangang patuloy na linangin upang mapabuti ang kalidad ng pagsulat ng mga mag-aaral.

Isa pang mahalagang aspekto na lumabas sa pagsusuri ay ang mekaniks sa pagsulat. Ang bawat sulating pang-akademiko ay may sinusunod na mekaniks upang maging maayos at sistematiko ang paglalahad ng ideya. Sa pagsulat ng komposisyon, karaniwang sinusunod ang estrukturang simula, katawan, at wakas. Ang pagkakaroon ng malinaw na estruktura ay nakatutulong upang maging organisado ang daloy ng ideya sa loob ng teksto. Natuklasan sa

pag-aaral na mahalagang mapanatili ang pagkakaisa ng mga ideya sa bawat bahagi ng komposisyon upang maging malinaw ang mensaheng nais ipahayag. Sa isang maayos na komposisyon, ang simula ay naglalatatag ng pangunahing paksa, ang katawan ay naglalaman ng mga paliwanag at detalye, at ang wakas ay nagsisilbing pagbubuod o paglalagom ng mga ideyang naipahayag. Ang talata naman ay binubuo ng magkakaugnay na pangungusap na umiikot sa iisang paksa. Kaugnay nito, mahalaga ang pagkakaroon ng malinaw na paksang pangungusap at mga sumusuportang detalye upang mapanatili ang kaisahan ng talata. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang kakulangan sa wastong mekaniks sa pagsulat ay maaaring magdulot ng kahinaan sa kabuuang organisasyon ng komposisyon ng mga mag-aaral.

Bukod sa pagsusuri ng mga komposisyon, isinagawa rin ang pakikipanayam sa mga mag-aaral upang matukoy ang mga salik na nakaapekto sa kanilang kakayahan sa pagsulat. Isa sa mga pangunahing salik na lumitaw ay ang kapaligiran. Ayon sa mga kalahok, ang hindi angkop na kapaligiran sa pag-aaral ay nagiging hadlang sa kanilang kakayahang makapagpokus sa pagsulat. Ang pokus ay mahalaga sa pagbuo ng ideya at sa pag-oorganisa ng mga salita sa pangungusap at pangungusap sa loob ng talata. Kapag ang kapaligiran ay hindi kanais-nais o may maraming distraksiyon, nagkakaroon ng pagkalito, pagkawala ng ideya, at kahirapan sa pag-iisip ang mga mag-aaral. Ipinakita ng resulta ng pananaliksik na ang kapaligiran ay isa sa mga salik na may malaking impluwensiya sa paraan ng pagsulat ng mga mag-aaral. Ang kakulangan sa angkop na lugar para sa pag-aaral ay maaaring magdulot ng kawalan ng interes at kahirapan sa pagbuo ng malinaw na komposisyon. Dahil dito, nagiging hamon para sa mga mag-aaral ang pag-oorganisa ng kanilang mga ideya at ang maayos na pagbuo ng kanilang sulatin.

Lumabas din sa pakikipanayam na ang kaalaman sa wikang Filipino ay isang mahalagang salik na nakaapekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ang wika ay isang pangunahing kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon at nagsisilbing daluyan ng pagpapahayag ng ideya, damdamin, at saloobin ng isang tao. Gayunpaman, sa kasalukuyang panahon ay nahaharap ang mga guro sa hamon ng pagtuturo ng wikang Filipino sa mga mag-aaral na mas sanay sa paggamit ng wikang banyaga. Ayon sa mga kalahok, hindi wikang Filipino ang karaniwang ginagamit sa loob ng kanilang tahanan. Bukod dito, marami sa kanilang pinapanood sa telebisyon at social media ay nasa wikang Ingles, at maging sa pakikipag-usap sa mga kaibigan ay mas pinipili ang wikang Ingles. Ang sitwasyong ito ay nagiging sagabal sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng komposisyon sa wikang Filipino. Lumabas sa pakikipanayam na ang kakulangan sa kasanayan sa wikang Filipino ay nagdulot ng maling pagpili ng salita sa kanilang sulatin. Dahil dito, nagiging hindi angkop ang mga salitang ginagamit upang ipahayag ang kanilang mga ideya. Ang ganitong kalagayan ay nagreresulta sa kawalan ng kalinawan sa kanilang mga sulatin at sa hindi ganap na pagpapahayag ng nais sabihin. Ipinapakita ng natuklasang ito na ang kahinaan sa wikang Filipino ay may direktang epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng makabuluhang komposisyon.

Isa pang mahalagang salik na natukoy sa pag-aaral ay ang oras sa pagsulat. Batay sa mga sagot ng mga mag-aaral sa pakikipanayam, lumabas na ang kakulangan ng sapat na oras ay nakaapekto sa kanilang kakayahang makabuo ng maayos na komposisyon. Marami sa kanila ang nagsabing sabay-sabay ang kanilang mga gawain sa paaralan kaya nagiging limitado ang oras na kanilang nailalaan sa pagsulat. Dahil dito, hindi nila nabibigyan ng sapat na panahon ang pag-iisip at pag-aayos ng kanilang mga ideya bago isulat ang komposisyon. Ayon sa kanilang pahayag, kadalasan ay kung ano lamang ang unang maisip ay iyon na ang kanilang isinusulat nang hindi na nasusuri kung wasto ang mga salitang ginamit o kung maayos ang kabuuan ng sulatin. Ang ganitong sitwasyon ay nagreresulta sa mga komposisyong kulang sa lalim at organisasyon. Ipinahihiwatig ng resultang ito na maaaring may kakulangan sa pamamahala sa oras ang mga mag-aaral. Bagaman maraming gawain sa paaralan, mahalagang

matutuhan ng mga mag-aaral ang wastong pamamahala sa oras upang maisagawa nang maayos ang kanilang mga akademikong gawain, kabilang ang pagsulat ng komposisyon.

Sa kabuuan, ipinakita ng mga natuklasan ng pag-aaral na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon ay naaapektuhan ng iba't ibang salik na may kaugnayan sa kasanayang pangwika, organisasyon ng ideya, mekaniks sa pagsulat, at mga panlabas na kondisyon tulad ng kapaligiran, kaalaman sa wikang Filipino, at oras. Ang mga kahinaang natukoy sa paggamit ng bantas, pagbuo ng pangungusap, at organisasyon ng komposisyon ay nagpapahiwatig na kinakailangan ang mas sistematikong paglinang ng kasanayan sa pagsulat sa loob ng silid-aralan. Samantala, ang mga salik na lumitaw mula sa pakikipanayam ay nagpapakita na ang pagkatuto sa pagsulat ay hindi lamang nakabatay sa kakayahang pangwika kundi pati na rin sa kontekstong kinabibilangan ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay ng mahalagang batayan upang higit na maunawaan ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon at nagsisilbing gabay sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon na maaaring makatulong sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pagsulat sa mga susunod na pag-aaral at interbensiyon.

KONGKLUSYON

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, malinaw na ipinakita ng pagsusuri sa mga komposisyon at ng mga impormasyong nakalap mula sa pakikipanayam na may kahinaan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ang mga natuklasan sa Results and Discussion ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng kahirapan sa ilang mahahalagang aspekto ng pagsulat tulad ng wastong paggamit ng bantas, lalo na ang gitling at kuwit, pagbuo ng malinaw at magkakaugnay na pangungusap, maayos na organisasyon ng mga ideya, at pagsunod sa mekaniks ng pagsulat. Ang mga kahinaang ito ay nagdudulot ng kakulangan sa kalinawan ng kanilang mga sulatin at nagiging dahilan kung bakit hindi lubos na naipapahayag ang kanilang mga ideya. Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na kinakailangan pang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat upang maging mas malinaw, organisado, at makabuluhan ang kanilang mga komposisyon.

Ipinakita rin ng pag-aaral na may iba't ibang salik na nakaaapekto sa pagsulat ng komposisyon ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga salik na ito ang kapaligiran, kaalaman sa wikang Filipino, at oras na inilaan sa pagsulat. Lumabas sa pakikipanayam na ang hindi angkop na kapaligiran ay maaaring magdulot ng kakulangan sa pokus ng mga mag-aaral na kinakailangan sa pagbuo ng ideya at sa maayos na pagsulat. Gayundin, ang limitadong kasanayan sa wikang Filipino na dulot ng mas madalas na paggamit ng wikang Ingles sa tahanan, sa media, at sa pakikipag-ugnayan sa kapwa ay nagiging hadlang sa wastong pagpili ng mga salita at sa malinaw na pagpapahayag ng mga ideya. Dagdag pa rito, ang kakulangan sa sapat na oras para sa pagsulat dahil sa dami ng gawain sa paaralan ay nagiging dahilan upang hindi lubusang mapag-isipan at mapaghusay ang kanilang mga komposisyon. Ang mga salik na ito ay nagpapakita na ang kakayahan sa pagsulat ay hindi lamang nakabatay sa kasanayang pangwika ng mga mag-aaral kundi nakaugnay din sa kanilang karanasan, kapaligiran, at pamamahala sa oras.

Kaugnay nito, ipinahihiwatig ng mga resulta na mahalagang ipagpatuloy ang paglinang sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ang patuloy na pagsasanay at pagbibigay ng mga angkop na gawaing pampagsulat ay makatutulong upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pag-oorganisa ng mga ideya, wastong paggamit ng bantas, at pagsunod sa mekaniks ng pagsulat. Mahalaga rin ang papel ng mga guro sa pagdidisenyo ng mga gawaing makapagpapalawak sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng malinaw at organisadong

komposisyon. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito ay maaaring higit na mahasa ang kanilang kakayahan sa pagsulat at mapalakas ang kanilang kumpiyansa sa pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan sa wikang Filipino.

Bukod dito, iminumungkahi rin na gamitin ang binuong worktext bilang isang kagamitang panturo upang higit na mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ang paggamit ng ganitong materyal ay maaaring magsilbing gabay sa mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kakayahan sa pagbuo ng ideya, wastong paggamit ng mga bantas, at pagsunod sa wastong mekaniks ng pagsulat. Sa tulong ng mga sistematikong gawain at pagsasanay na nakapaloob sa worktext, maaaring magkaroon ng mas malinaw na direksiyon ang mga mag-aaral sa pag-unlad ng kanilang kakayahan sa pagsulat.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang kahinaan sa pagsulat ng komposisyon ay isang mahalagang isyung pang-edukasyon na nangangailangan ng patuloy na pansin mula sa mga guro at mananaliksik. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na kinakailangang palakasin pa ang pagtuturo at pagkatuto ng pagsulat upang matulungan ang mga mag-aaral na makabuo ng malinaw, organisado, at makabuluhang komposisyon. Kaugnay nito, iminumungkahi rin na ang mga susunod na pag-aaral ay maaaring tumuon sa gramatika upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa mga suliraning pangwika na nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagsulat. Sa ganitong paraan, mas mapapalawak ang kaalaman tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa kakayahan sa pagsulat at makapagbibigay ng mas epektibong mga estratehiya para sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng akademikong pagsulat.

TALASANGGUNIAN

Almario, V. S. (2014). *Manwal sa masinop na pagsulat*. Komisyon sa Wikang Filipino.

Almeda, J., Capistrano, T., & Sarte, M. G. (2010). *Elementary statistics*. University of the Philippines Press.

Angel, R. (2022). *Karaniwang kamaliang panggramatika sa mga akademikong sulatin (Hindi nailathalang tesis sa masteral)*. Benguet State University.

Aquino, G. (2003). *Effective teaching* (3rd ed.). National Book Store.

Ariana, S. (2010). Some thoughts about writing skills. *Annals of the University of Oradea, Economic Science Series*, 19(1).

Asuncion, A., & Mendoza, E. (2017). *Tan-aw: Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik*. Abiva Publishing House.

Austero, C. S. (2014). *Komunikasyon sa Filipino*. Rajah Publishing House.

Badayos, P. (1999). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika*. Grandwater Publications.

Barlis, M. A. (2001). *Antas ng kakayahan sa kasanayang pagsulat ng mga student teacher na nagpapakadalubhasa sa Filipino (Unpublished master's thesis)*. Saint Louis University.

Belvez, P., Buensuceso, T., Catacata, P., Cui-acas, C., Lemence, E., Papa, N., Tuazon, R., & Villafuerte, P. (2002). *Retorika: Mabisang pagsasalita at pagsulat*. Rex Book Store.

Bernales, R. A., Bernardino, E., Deribar, I., Mira, D., Ontal, J., & Orillana, G. (2013). *Retorika: Ang sinig ng pagpapahayag batayan at sanayang-aklat sa Filipino 3, antas tersarya*. Mutya Publishing House.

Borne, K. (2017). 3 ways environment affects your writing. <https://www.theodysseyonline.com/3-ways-environment-affects-your-writing>

Budd, R., Donohew, I., & Thorp, R. (1967). *Content analysis of communications*. Macmillan.

Campos, R. (2021). *Kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat: Batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo (Di nailathalang tesis)*. Benguet State University.

Capinlac, J. I. (2018). *Mga hamon at estratehiya sa pagtuturo ng obra maestrang Noli Me Tangere tungo sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo (Hindi nailathalang tesis sa masteral)*. Benguet State University.

Carver, I. (2016). Using blogging software to provide additional writing instruction. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1116834.pdf>

Cer, E. (2019). The instruction of writing strategies: The effect of metacognitive strategy on the writing skills of pupils in secondary education. *SAGE Open*, 9(2). <https://doi.org/10.1177/2158244019842681>

Cole, J., & Feng, J. (2015). Effective strategies for improving writing skills of elementary English language learners. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED556123.pdf>

Cortez, D. B. (2005). *Mga kamalian sa pagsasalita at pagsusulat ng mga mag-aaral sa Baguio Colleges Foundation: Isang pagsusuri (Unpublished dissertation)*. Benguet State University.

Cresswell, A. (2000). Self-monitoring in student writing: Developing learner responsibility. *ELT Journal*, 54(3), 235–244. <https://doi.org/10.1093/elt/54.3.235>

Defazio, J., Jones, J., Tennant, F., & Hook, S. A. (2010). Academic literacy: The importance and impact of writing across the curriculum. *Journal of the Scholarship of Teaching and Learning*, 10(2). <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ890711.pdf>

De la Paz, S., & Graham, S. (2002). Explicitly teaching strategies, skills, and knowledge: Writing instruction in middle school classrooms. *Journal of Educational Psychology*, 94(4), 687–698. <https://doi.org/10.1037/0022-0663.94.4.687>

De los Reyes, A. (2021). *Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan*. https://eprajournals.com/jpanel/upload/1112pm_43epra%20journals%207727.pdf

Enriquez, M. (2012). *Edukasyon, susi sa tagumpay*. <http://www.hermosa.gov.ph/index>

Evangelista, J. (2018). *Kurikulum ng K-12: Pananaliksik sa estado ng makabagong sistema ng edukasyon*. <https://jennelievangelista.wordpress.com>

Felipe, K. (2022). *Kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon* (Di-nailathalang tesis). Benguet State University.

Fisher, D., & Frey, N. (2009). *In a reading state of mind: Brain research, teacher modeling, and comprehension instruction*. International Reading Association.

Francisco, M. (2007). *Sining ng pagsulat ng sulatin*. Sta. Teresa Publications.

Garcia, I. C. (2008). *Kalatas: Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Jimcy Publishing House.

Galarroza, R. K. E., & Inot, K. H. I. J. (2016). *Epekto ng kapaligirang pansilid aralan sa kabuuang pagganap ng mga mag-aaral sa ika-siyam na baitang seksyon sustainable development*. <https://www.academia.edu/33681450>

Galliguez, F. (2022). *Kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang* (Di nailathalang tesis). Benguet State University.

Gonzales, D. J. (2005). *Wikang jejemon*. <https://wikangjejemon.wordpress.com/2016/09/15/ang-wikang-jejemon>

Galvez, M. (2018). *Pagbasa at pagsuri sa iba't ibang teksto sa pananaliksik*. Trinitas Publishing.

Javadi, M., & Zarea, K. (2016). Understanding thematic analysis and its pitfalls. *Journal of Client Care*, 1, 33–39. <https://doi.org/10.15412/j.jcc.02010107>

Kashani, H. (2013). Comparing the effect of blogging as well as pen-and-paper on the essay writing performance of Iranian graduate students. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1077102.pdf>